REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BILANG 03-224**

**KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PAGKILALA AT PAGBIBIGAY PARANGAL SA KGG. SENADOR RENATO L. CAYETANO NA PUMANAW NOONG IKA-24 NG HUNYO 2003 AT TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY SA MGA NAULILA NITO.**

**************************************************************************

Ipinanukala:
***Kgg. Pang. Punonglungsod Mggl. Jo Jason T. Alcaraz***
***Kgg. Mggl. Patricio L. Boncayao, Jr.***
***Kgg. Aldrin L. San Pedro***
***Kgg. Bal Niefes***
***Kgg. Dr. Nicanor L. Echavez***
***Kgg. Allan Rey A. Camilon***
***Kgg. Mggl. Raul R. Corro***
***Kgg. Melchor R. Teves***
***Kgg. Mggl. Icasiano M. Dela Rea***
***Kgg. Elmer S. Espeleta***
***Kgg. Francis Ian T. Bagatsing***
***Kgg. Lucio B. Constantino***
***Kgg. Mario E. Bulay, Jr.***
***Kgg. Mamerto T. Sevilla, Jr.***
***Kgg. Rufino B. Joaquin***
***Kgg. Santiago V. Carlos, Jr.***
***Kgg. Artemio A. Simundac***
***Kgg. Christian Glenn D. Lorica***

**************************************************************************

**SAPAGKAT,** ang pagkawala ng isang mahal na buhay ay lubhang nakakalungkot lalo na kung ang namayapa ay isang mabuti, mapagmahal at dakilang asawa at ama ng tahanan at lingkurang bayan;

**SAPAGKAT,** sa panahon ng kanyang panunungkulan, si dating **Kgg. Senador Renato L. Cayetano** ay nagpamalas ng kanyang kakayahan, kahusayan at katapatan sa kanyang tungkulin para sa kapakanan ng nakararaming mamamayan ng Muntinlupa at buong bansa;

**SAPAGKAT,** ang **Kgg. Senador Renato L. Cayetano** ay ipinanganak noong **December 12, 1935** sa Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan at yumao sa edad na Animnapu't Walong (68) taong gulang;

**SAPAGKAT,** ang **Kgg. Mggl. Senador Renato L. Cayetano,** ay biniyayaan ng isang mabait at mapagmahal na asawa na si ***Gng. Sandra "Sandy" Schramm Cayetano*** at apat na anak na sina ***Mggl. Pia Cayetano Sebastian, Kinatawan ng Taguig Pateros Kgg. Allan Peter S. Cayetano, Konsehal ng Muntinlupa Kgg. Rene Carl S. Cayetano at Edgardo Lino Cayetano***;

**SAPAGKAT,** ang **Kgg. Mggl. Senador Renato L. Cayetano** ay nagtapos ng apat na kurso Bachelor of Law, Master of Law, Doctor of Law at Master Public Administration, sa Unibersidad ng Michigan sa Ann Harbor, Michigan, United State of America;

***Pahina 2***
***Kapasiyahang Panlungsod Bilang 03-224***

**SAPAGKAT,** bago naglingkod bilang Senador siya ay naglingkuran muna bilang **Assemblyman** ng Muntinlupa, Taguig at Pateros ng mahabang panahon sa ilalim ng panunungkulan ng dating Pangulong Ferdinand E. Marcos at naging **Chief Presidential Legal Counsel** noong 1996 ng dating Pangulong Fidel V. Ramos;

**SAPAGKAT,** bilang isang abugado ay nagpamalas ng kagalingan at katapangan sa larangan ng pagbibigay ng katarungan sa mga taong naaapi at naaagrabiyado. Siya ang humawak sa kaso ng **"Vizconde massacre";**

**SAPAGKAT,** siya ay nakilala sa katawagan na "*Compañero*" na nagbibigay ng mga ligal na payo sa mga mamamyan na humihingi ng tulong;

**SAPAGKAT,** siya ay pumangalawa sa mga nanalong Senador ng ating bansa noong eleksiyon ng **May 1998**, bilang Senador ng ating bansa ang ***Kgg. Mggl. Renato L. Cayetano*** ay naging Tagapangulo ng Komite ng Katarungan at Karapatang Pantao mula July 1998-2001 at Tagapangulo ng Komite Edukasyon, Agham at Kultura at Komite ng Enerhiya mula 2001 hanggang sa kasalukuyan;

**SAPAGKAT,** bilang Senador siya ay nagpanukala at kasamang nagpanukala ng mga sumusunod na napagtibay na batas: **Republic Act 9160** - Anti-Money laundering Act 2001; **Republic Act 9048** - An act authorizing the City or Municipal Civil Registrar to correct a typographical error in an Entry and/or change of First Name or Nickname in the Civil Registrar Without going to a Court; **R.A 8974** An act to facilitate the acquisition of the right-of-way, site or location of national government infrastructures projects;

**SAPAGKAT,** marapat lamang na ang isang nanunungkulan at lingkod bayan na tulad ng ***Kgg. Senador Renato L. Cayetano*** ay bigyan ng pagpapahalaga at parangal dahil ang kanyang paglisan ay malaking kawalan sa ating bansa;

**SAPAGKAT,** bilang Senador siya ay kinakitaan ng paninindigan sa kanyang mga paniniwala at prinsipyo kaya siya ay napamahal sa kanyang mga kababayan;

**NGAYON DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng *Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa* na nagsasaad ng pagkilala at pagbibigay parangal sa **Kgg. Senador Renato L. Cayetano** na pumanaw noong **Ika-24** ng **Hunyo 2003** at taus-pusong pakikiramay sa mga naulila nito.

**PINAGTIBAY,** ng ***Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** ngayong ika-**26** ng **Hunyo 2003,** sa ginanap na ika-77 Regular na Sesyon.

**SINANG-AYUNAN:**

| | |
|---|---|
| **ALDRIN L. SAN PEDRO** | **FRANCIS IAN T. BAGATSING** |
| *Konsehal* | *Konsehal* |

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Sangguniang Panglungsod**

***Pahina 3***
***Kapasiyahang Panlungsod Bilang 03-224***

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**DR. NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

**MGGL. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Konsehal*

**RUFINO B. JOAQUIN**
*Konsehal*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Konsehal*

**MGGL. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**MELCHOR R. TEVES**
*Konsehal*

**MGGL. ICASIANO M. DELA REA**
*Konsehal*

**CHRISTIAN GLENN D. LORICA**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sangguniang Kabataan*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

**LIBAN:**

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**RENE CARL S. CAYETANO**
*Konsehal*

**SANTIAGO V. CARLOS, JR.**
*Konsehal*

**MAMERTO T. SEVILLA, JR.**
*Konsehal*

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Sangguniang Panglungsod**

***Pahina 4***
***Kapasiyahang Panlungsod Bilang 03-244***

**PINATOTOTOHANAN KO**, ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**MGGL. ISIDORO SORIANO, JR.**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**MGGL. JO JASON T. ALCARAZ**
*Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
*Petsa:* ______

*Nory/*

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos.:842-27-11 • 842-23-77
FAX No.: 842-6196